Department of Education
**Bureau of Secondary Education**
CURRICULUM DEVELOPMENT DIVISION
**Meralco Ave., Pasig City**

# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

## *FILIPINO 1*

# *Modyul 19*

## *Pagkilala ng Magkatulad at Magkasalungat na Ideya at Pagkuha ng Mahahalagang Puntos sa mga Pahayag*

# Modyul 19
# Pagkilala ng Magkatulad at Magkasalungat na Ideya at Pagkuha ng Mahahalagang Puntos sa mga Pahayag



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Simula pa man ng iyong buhay mag-aaral sa unang baitang ay kinailangan nang ituro sa iyo ang pagkakatulad at pagkakaiba ng maraming bagay - mula sa kulay, hugis, at titik- upang ihanda ka sa pagbasa at pag-unawa sa mundong ginagalawan mo. Gayundin naman, sa karamihan ng dapat mong malaman at tandaan, hinubog na rin ang iyong kakayahan na bigyang-tuon ang mahahalagang puntos sa iyong naririnig o nababasa.

Upang mahasa pa nang lubusan ang mga kakayahang ito, ihinanda ang mga aralin sa modyul na ito. Inaasahan na matatamo mo ang mga kasanayang nakapaloob sa bawat aralin nang sa gayon ay humusay ka pa sa pagbasa at pagsulat.



## Ano ang matututunan mo?

Sa modyul na ito ay matututuhan mo ang kaibhan o pagkakatulad ng mga ideya, gayundin ang paghanap ng paksang pangungusap, at pagkuha ng mahahalagang puntos sa pahayag. Ipakikilala rin sa iyo ang iba't ibang fokus ng pandiwa na makatutulong sa pagbuo mo ng iba't ibang ideya.

Sa pamamagitan ng mga akdang kaugnay sa kultura, kabuhayan, at iba pang mga akdang ekspositori ay huhubugin ang iyong kakayahan sa iba't ibang paraan ng pakikipagtalastasan.

Pagsasalita

1. natutukoy ang pahayag na nagpapakilala ng pagkakatulad o pagkakaiba ng mga ideya;
2. nagagamit ang angkop na salita na magpapakita ng kaugnayan ng mga ideya;
3. nakabubuo ng mga pangungusap na may magkatulad o magkasalungat na ideya;
4. nakikilala ang fokus ng pandiwa
5. nakabubuo ng mga ideya gamit ang iba't ibang fokus ng pandiwa

Pagbasa

1. nakikilala ang kaibhan ng punong salita at mga salitang napapailalim dito;
2. natutukoy ang paksang pangungusap sa mga pahayag at talata;
3. nagagamit ang kaalaman sa paraan ng paglalahad upang hanapin ang mahalagang puntos sa talata;

Pagsulat

1. natutukoy ang paksa ng talata;
2. nakabubuo ng paksang pangungusap na angkop sa talata;
3. naiaayos ang mga pangungusap sa pagbuo ng talata;

## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Ang modyul na ito ay isang self-learning kit that allows you to work at your own pace. Ito ay tutulong sa iyo upang lubos na maunawaan ang sanhi at bunga sa pamamagitan ng mga babasahin at gawain sa pagbasa at pagsulat.


Dahil sa nabanggit na kahalagahan nito, ituring mo ang modyul na ito na isang kaibigan. Sundin mo ang mga sumusunod na tagubilin upang pangalagaan ito.

1. Ingatan ang paggamit nito. Tandaan mo na may iba pang gagamit at makikinabang dito pagkatapos mo.
2. Huwag sulatan o lagyan ng kahit ano pa mang marka ang bawat pahina ng modyul.
3. Ang lahat ng sagot ay isusulat mo sa hiwalay na sagutang papel.
4. Sagutan ang Panimulang Pagsusulit at pagkatapos ay kunin sa guro ang Susi sa Pagwawasto upang ikaw mismo ang magwasto ng iyong gawain.
5. Kung nasagutan mo ng tama ang 90-95% ng mga tanong, nangangahulugan na taglay mo na ang mga kasanayang lilinangin ng modyul na ito. Maaari mo nang ibalik sa guro ang modyul at magtuloy na sa kasunod. Nasa iyo ang desisyon kung magtutuloy ka na sa kasunod o gagamitin mo pa rin ang modyul na ito. Tandaan lamang na ikaw ang may hawak ng desisyon kung kaya't kailangan mong pag-isipang mabuti kung ano ang sa palagay mo ay lubos na makabubuti sa iyong ikatututo.

6. Siguraduhing nabasa mo na ang mga aralin bago sagutin ang mga tanong. Pagkatapos mong aralin ang buong modyul, ibalik na ito sa guro para magamit naman ng iba.
7. Hingin sa guro ang susunod na modyul.

Bago mo simulan ang pag-aaral, sagutin mo muna ang pre-test. Tandaan mo na hindi ito upang markahan ka, kung hindi upang magabayan ka pa sa mga araling hindi mo pa lubos na naiintindihan.

Tayo na! Kayang-kaya mo yan!



## *Ano na ba ang alam mo?*

Basahin ang akda.

**LAYUNIN SA BUHAY**

Ang papel ng ekonomiks sa lipunan ay sinimulang ipakilala sa atin sa araling panlipunan. Sa dami ng depinisyong inilahad, pinakapopular marahil ang "ekonomiks bilang sangay ng agham panlipunan tungkol sa alokasyon o pamamahagi ng kapos na mga yaman upang tugunan ang dumaraming hilig ng mga tao." Sa depinisyong ito, ang diwa ng alokasyon, kakapusan ng yaman, at dumaraming hilig ng mga tao ang mga tampok na konsepto sa ekonomiks.

Subalit depinisyon itong may kakulangan dahil hiram sa mga aklat na naglalarawan ng gawi at pananaw ng mga mamamayan sa mauunlad na dayuhang ekonomiya. Sa mga Pilipino, ang ganitong katuturan ng ekonomiks, gaano man kapopular, ay hindi gaanong makabuluhan lalo na kung hindi abot ang kanilang damdam at danas. Dahil kung susuriing mabuti, ang ekonomiks ay tungkol sa mga mekanismong panlipunan at pagsagot ng mga mamamayan sa layuning mapanatiling buhay at maunlad ang lipunang kanilang ginagalawan.

Mahalaga ang proseso ng alokasyon ng yaman kahit saan mang ekonomiya. Subalit mas mahalagang malaman kung bakit isinasagawa. Sa tinatanggap na depinisyon ng ekonomiks, ang layunin ng alokasyon ay ang pagtugon sa hilig ng mamamayan. Nagpapahiwatig din ito na kailangan ang patuloy na paglikha ng yaman upang tugunan ang dumaraming hilig.

Ang diin sa hilig at hindi sa mga pangunahing pangangailangan ay nangangahulugang natugunan na ng lipunan ang mga pangunahing pangangailangan ng mga mamamayan nito upang mabuhay. Ang pagtugon sa mga ipinagbago ng hilig o mga artipisyal na pangangailangan ang siyang pinagtutuunan ng pansin. Ang ganitong hilig ang nag-uudyok sa mga mamamayan na palawakin ang kanilang yaman.

Sa ganang akin, ang ganitong pananaw ay mahirap tumagos sa loob ng mga Pilipino. Sa ating mga kababayan, ang ekonomiks ay tinatanaw bilang pamamaraaan tungo sa kabuhayan. Samakatwid, ang pangunahing pangangailangang mabuhay ang tinutugunan nito at hindi ang mga ipinagbago at pangalawa o artipisyal na hilig ng mga mamamayan. Dahil sa konseptong kabuhayan, ang layunin ng proseso ng alokasyon sa mga Pilipino ay hindi ang pagpapalago ng yaman kundi ang maginhawang pamumuhay.

Kasama sa konsepto ng maginhawang pamumuhay ang sapat na pagkain, sweldo, damit, at tirahan; malinis na kapaligiran; tahimik na pamayanan; at malulusog na kabataan.

Samantala, ang maginhawang pamumuhay ay hindi nagpipilt sa mga tao na magsagawa ng mga gawaing ikabubuti nila samantalang ikasasama naman ng kanilang kapwa. Dahil ang pagkasapat at hindi ang pinakamataas na personal na kagalingan ang pamantayang ipanatutupad ng maginhawang buhay, may likas itong mekanismo sa pagtitimpi sa mga hilig ng mga tao. Mga pangangailangan lamang na magdadala tungo sa maginhawang buhay ang siyang tutugunan.

May nagsasabi na kung ginhawa at hindi pagyaman ang gagamitin bilang pangunahing layunin ng ating buhay, baka mauwi ito sa mabagal na paglaki. Subalit ang pagyaman o paglago ng mga materyal na bagay ang isa lamang sa mga aspekto ng pamantayang pangkaunlarang ginagamit sa buong daigdig. Ang kalidad ng buhay ay higit na mahalaga kaysa paglago ng mga materyal na bagay. Samakatwid, higit na makabuluhan ang maginhawang buhay.

***Ekonomiya, Tao, Mundo, at ang Ekonomistang Guro***
***Tereso S. Tullao Jr.***

A. Ano ang paksang tinatalakay ng mga pangungusap sa bawat bilang? Isulat sa iyong sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

1. Sa depinisyong ito, ang diwa ng alokasyon ang tampok na konsepto subalit depinisyon itong may kakulangan.
    a. diwa ng alokasyon at kakulangan ng depinisyon nito.
    b. tampok na konsepto at depinisyon
    c. kakulangan ng diwa ng alokasyon

2. Popular man ang depinisyon ng ekonomiks ay hindi gaanong makabuluhan lalo na kung hindi abot ng damdam at danas.
    a. ang depinisyon ay popular at makabuluhan
    b. bagamat popular ay hindi makabuluhan ang depinisyon
    c. ang damdam at danas ay popular sa tao

3. Mahalaga ang alokasyon ng yaman, subalit mas mahalagang malaman kung bakit ito isinasagawa.
    a. ang alokasyon ay mahalaga sa yaman
    b. ang dahilan ng alokasyon ang tanging mahalaga
    c. ang alokasyon at dahilan nito ay parehong mahalaga

4. Ang layunin ng alokasyon aya ng pagtugon sa mga hilig ng mamamayan. Nagpapahiwatig din ito na kailangan ang patuloy na paglikha ng yaman upang tugunan ang dumaraming hilig.
    a. Ang dumaraming hilig ay kontra sa diwa ng alokasyon
    b. Ang paglikha ng yaman at pagtugon sa hilig ay ang layunin ng alokasyon
    c. Ang mamamayan ay mahilig sa alokasyon.

5. Layunin ng mamamayan na mapanatiling buhay ang lipunang kanilang ginagalawan at isa pa'y mapanatiling maunlad ang nasabing lipunan.
    a. ang lipunan ay gumagalaw dahil sa mamamayan
    b. ang mapanatiling buhay at maunlad ang lipunan ay layunin ng mamamayan.
    c. Iisa lamang ang layunin ng mamamayan

B. Balikan ang mga pangungusap sa A. Isulat sa papel kung ang mga ideyang tinatalakay sa bawat bilang ay magkasalungat o magkatulad.

1. ______________
2. ______________
3. ______________
4. ______________
5. ______________

C. Ano ang punong salita o kategorya na maaaring gamitin sa bawat bilang? Isulat ang sagot sa iyong papel.

1. lapis, papel, notebook, bolpen __________________
2. English, Math, Science, Filipino_________________
3. piko, luksong tinik, luksong lubid, tumbang preso _________________
4. puto, kutsinta, kalamay, palitaw___________________
5. bataw, sitaw, patani, kalabasa______________________

D. Tukuyin ang fokus ng pandiwa sa mga sumusunod na pangungusap.

1. Sinisikap iangat ng maraming tao ang kanilang posiyong ekonomik.
2. Yumayaman sila dahilan sa pagsisikap.
3. Pinapasok nila ang anumang gawain para sa mga anak.
4. Iniyayaman ng ilang tao ang kanilang kaalaman sa paggawa ng mga bagay-bagay.
5. Pinagtatayuan nila ng munting negosyo ang kanilang mismong tahanan.

E. Baguhin ang fokus ng pandiwa sa mga pangungusap sa D.

1. (AKTOR) ____________________________________________________
2. (SANHI)______________________________________________________
3. (BENEFAKTIV)__________________________________________________
4. (AKTOR)____________________________________________________
5. (LAYON)_____________________________________________________

Kunin sa iyong guro ang **susi sa pagwawasto** upang malaman ang iyong iskor.

Ano ang pakiramdam mo? Kung nahirapan ka ay huwag kang kabahan. Sabi ko sa iyo ay tutulungan ka ng modyul na ito. Sige simulan mo na ang pag-aaral.

## *Mga Gawain sa Pagkatuto*

Sub-Aralin 1

### Mga Salita at Pangungusap na Nagpapakilala ng Magkatulad o Magkasalungat na Ideya

**Layunin:**

1. natutukoy kung magkatulad o magkasalungat ang ideya sa pangungusap
2. nagagamit ang mga salitang nagpapakilala ng magkatulad at magkasalungat na ideya
3. nakabubuo ng pangungusap na nagpapahayag ng magkatulad at magkasalungat na ideya

**Alamin**

Paano ba nakasusulat ng pangungusap na nagpapahayag ng magkatulad o kaya ay magkasulangat na ideya? Tila mahirap para sa iyo na sagutin ito. Ngunit huwag kang kabahan. Tingnan natin kung ano na ang alam mo tungkol dito.

Handa ka na ba? Mabuti kung ganon.

Alamin na natin.

Sa iyong sagutang papel, isulat kung ang mga salita /parirala ay ginangamit sa pagpapahayag ng magkatulad o magkasalungat na ideya. Isulat ang K kung magkatulad at S kung magkasalungat.

1. datapwat ___________
2. gayundin naman___________
3. samakatwid _____________
4. subalit ______________
5. ngunit ______________

Ang mga tamang sagot ay:

1. S
2. K
3. K
4. S
5. S

Tama ba ang lahat ng iyong sagot? Kung oo, kahanga-hanga ang iyong kakayahang tandaan ang mga nakalipas na aralin!

Upang lubos pang malinang ang iyong kakayahan, simulan na nating talakayin ang tungkol sa magkatulad o magkasalungat na ideya ng pangungusap.

Tayo na!

**Linangin**

Ang bawat pangungusap ay nagtataglay ng ideya. Subalit ang ideyang tinatalakay ay maaring magkatulad o magkasalungat.

Ang ideya sa isang pangungusap ay magkatulad kung ito ay kapareho ng  diwa, karagdagang paliwanag, o karugtong ng ideyang tinatalakay.

Ang manunulat ay nagbibigay ng pahiwatig upang mabatid ng mambabasa ang layunin ng pangungusap. Kadalasaan, ang mga salitang nagpapahiwatig ng magkatulad na ideya ay samakatwid, kung gayon, gayundin naman, o, rin, at, alalaong baga at sa madaling sabi.

Tingnan mo kung paano nakatutulong ang ilan sa mga salitang ito upang bigyang linaw ang kaugnayan ng mga ideya sa mga pangungusap.

1. Ang ekonomiks ay tungkol sa mga mekanismong panlipunan at gayundin naman sa pagsagot ng mga mamamayan sa layuning mapanatiling buhay ang lipunang kanilang ginagalawan.

2. Ang mamamayan ang nagpapanatiling buhay ng isang lipunan. Sa madaling sabi, ang mamamayan ang nagpapaunlad ng isang lipunan.

3. Mahalaga ang proseso ng alokasyon ng yaman; samakatwid, ay ang pagtugon sa mga hilig ng mga mamamayan.

Sa unang halimbawa, ang paksa ay ekonomiks. Ano, tungkol dito, ang tinalakay? Tama! Sinabi sa pangungusap na ang elemento ay tungkol sa mga mekanismong panlipunan. Ito lamang ba ang sinabi ukol sa paksa? Hindi. Mayroong karagdagang ideya na ang ekonomiks ay tungkol din sa pagsagot ng mga mamamayan upang mapanatiling buhay ang lipunan.

Bagama't karagdagan ang huling ideya, masasabi mo na ang idinagdag ay hindi malayo sa naunang ideya; hindi sila magkasalungat; sa halip sila ay magkatulad at ito ay ipinahiwatig ng salitang at gayundin naman.

Sa pangalawang pangungusap, ang paksa ay mamamayan. May dalawang ideya tungkol dito ang isinasaad ng pangungusap. Anu-ano ito?

Magaling! Ang mamamayan ay nagpapanatiling buhay sa lipunan at nagpapaunlad nito. Ang salitang sa madaling sabi ay nagpapahiwatig na magkatulad ang mga ideyang ito.

Sa huling pangungusap, tinalakay ang kahalagahan ng isang proseso-ang proseso ng alokasyon ng yaman. Hindi lamang ito ang sinabi tungkol sa proseso. Idinagdag pa na ito ay ang pagtugon sa mga hilig ng mamamayan. Ano ang kaugnayan ng mga ideyang ito?

Tumpak ang tugon mo! Magkatulad ang mga ideya, at ito'y ipinahiwatig ng salitang samakatwid.

Kung ang mga naunang halimbawa ay nagtataglay ng magkakatulad na ideya, paano mo naman matitiyak na magkasalungat ang ideya sa pangungusap? Mahusay ang paliwanag mo! Ang ideya sa isang pangungusap ay magkasalungat kung ito ay taliwas, kabaligtaran, o kakaiba sa naunang ideyang tinatalakay tungkol sa paksa.

Upang ipahiwatig ang magkasalungat na kaugnayan ng ideya, ang ilan sa mga salitang ginagamit ng manunulat ay ngunit,samantala, subalit, datapwat, at bagaman.

Pag-aralan mo ang mga sumusunod na halimbawa.

1. Mahalaga ang proseso ng alokasyon ng yaman, subalit mas mahalagang malaman kung bakit ito isinasagawa.

2. Ang depinisyon ng ekonomiks ay popular, ngunit ito ay may kakulangan.

3. May mga produktong nagtaasan ng presyo nang tumaas ang presyo ng langis kamakailan, bagaman hindi sila gumagamit ng langis sa produksiyon.

Sa pangungusap 1, ang paksa ay tungkol sa kahalagahan ng proseso. May dalawang ideyang nakapaloob sa pangungusap. Anu-ano ito?

Tama! Ang alokasyon ng yaman at ang dahilan sa pagsasagawa nito. Magkatulad ba ang dalawang ideya?

Magaling! Sila ay hindi magkatulad ng diwa at ng kahalagahan. Sapagkat mas mahalaga ang dahilan kaysa sa alokasyon.

Masasabi natin na ang dalawang ito ay magkasalungat, at ipinahayag ito sa tulong ng salitang <u>subalit</u>.

Sa pangungusap 2, iisa ang paksa – ang depinisyon ng ekonomiks. Ngunit may dalawang ideyang nakapaloob dito – ang pagiging popular at ang kakulangan ng depinisyon. Magkatulad ba ang mga ito?

Hindi! Kung gayon, magkasalungat sila at ang kaugnayang ito ay ipinahiwatig ng salitang <u>ngunit</u>.

Sa pangungusap 3, ano naman ang dalawang ideyang magkasalungat?

Mainam ang sagot mo! Ang produktong gumagamit ng langis at di gumagamit ng langis ay magkasalungat, ayon na rin sa salitang ginamit, <u>bagaman</u>, upang ipakita ang kaugnayang ito. Sa kabilang banda, masasabi mo na bagaman ang dalawang ito ay magkasalungat, pareho o magkatulad naman ang kanilang ginawa- nagtaasan ang presyo ng mga produkto.

Maliwanag na ba sa iyo ang araling ito? Mabuti kung ganon.

Tingnan natin ang natutunan mo. Handa ka na ba? Simulan na natin!

**Gamitin**

Sa iyong sagutang papel, kopyahin ang salita sa bawat pangungusap na nagpapahiwatig ng kaugnayan ng mga ideya. Pagkatapos, isulat kung ang ideya ay magkatulad o magkasalungat

1. Ang pagtuon sa hilig ay nagtutulak sa mamamayan na magpayaman, datapwat ito ay mahirap tumagos sa loob ng Pilipino.
2. Ang maginhawang pamumuhay ay hindi nagpipilit sa tao na gumawa ng mali sa kapwa, samantalang ang pagpapayaman dahil sa pagtuon sa hilig ay nakasisira sa kapwa.
3. Kasama sa konsepto ng maginhawang pamumuhay ang sapat na pagkain, sweldo, damit, at tirahan; samakatwid, ito ay ang pangunahing pangangailangan upang mabuhay.
4. Ang pagtugon sa hilig ay di lubusang mainam; gayundin naman, ito ang nag-uudyok na manlamang sa kapwa.
5. Ang depinisyon ng ekonomiks ay hiram sa mauunlad na dayuhang ekonomiya; ito rin ay ang pinakapopular sa lahat ng depinisyon.

Ang mga tamang sagot ay ang sumusunod:

1. datapwat – magkasalungat
2. samantala/ng – magkasalungat
3. samakatwid – magkatulad
4. gayundin naman – magkatulad
5. rin – magkatulad

Tama ba ang iyong mga sagot? Kun oo, magaling. Kung hindi, balikan mo ang aralin.

**Lagumin**

Pagbalik-aralan natin ang mahahalagang ideya na natutunan mo sa sub-araling ito.

Ang bawat pangungusap ay nagtataglay ng ideya. Subalit ang ideyang tinatalakay ay **maaring magkatulad o magkasalungat.**

Ang ideya sa isang pangungusap ay **magkatulad kung ito ay kapareho ng diwa, karagdagang paliwanag, o karugtong ng ideyang tinatalakay**.

Ang manunulat ay nagbibigay ng pahiwatig upang mabatid ng mambabasa ang layunin ng pangungusap. Kadalasaan, ang mga salitang nagpapahiwatig ng magkatulad na ideya ay **samakatwid, kung gayon, gayundin naman, o, rin,at, alalaong baga at sa madaling sabi.**

Ang ideya sa isang pangungusap ay **magkasalungat kung ito ay taliwas, kabaligtaran, o kakaiba sa naunang ideyang tinatalakay tungkol sa paksa**.

Upang ipahiwatig ang magkasalungat na kaugnayan ng ideya, ang ilan sa mga salitang ginagamit ng manunulat ay **ngunit, samantala, subalit, datapwat, at bagaman.**

Huwag mong kalimutan ang mga importanteng konseptong ito, ha?

**Subukin**

Basahin mong muli ang mga sumusunod na pangungusap upang maging batayan ng iyong sagot sa pagsasanay na ito.

Sa iyong sagutang papel, kopyahin ang tsart at ibigay ang hinihinging imformasyon sa bawat kolum. Ang unang bilang ay sinagutan na para magsilbing halimbawa.

1. Ang pagtuon sa hilig ay nagtutulak sa mamamayan na magpayaman, datapwat ito ay mahirap tumagos sa loobin ng Pilipino.
2. Ang maginhawang pamumuhay ay hindi nagpipilit sa tao na gumawa ng mali sa kapwa, samantalang ang pagpapayaman dahil sa pagtuon sa hilig ay nakasisira sa kapwa.
3. Kasama sa konsepto ng maginhawang pamumuhay ang sapat na pagkain, sweldo, damit, at tirahan; samakatwid, ito ay ang pangunahing pangangailangan upang mabuhay.
4. Ang pagtugon sa hilig ay di lubusang mainam; gayundin naman, ito ang nag-uudyok na manlamang sa kapwa.
5. Ang depinisyon ng ekonomiks ay hiram sa mauunlad na dayuhang ekonomiya; ito rin ang pinakapopular sa lahat ng depinisyon.

| **Mga Paksa** | **Mga ideyang tinalakay ukol sa paksa** | **Kaugnayan ng mga ideyang tinalakay** |
|---|---|---|
| 1. pagtuon sa hilig | nagtutulak magpayaman, ngunit mahirap tumagos sa Pilipino | Magkasalungat |
| 2.________________ | ____________________________ | ______________________ |
| 3.________________ | ____________________________ | ______________________ |
| 4. ________________ | ____________________________ | ______________________ |
| 5.________________ | ____________________________ | ______________________ |

Malapit ba dito ang iyong mga sagot? Iwasto mo ang iyong papel upang malaman mo ang iyong iskor.

| Mga Paksa | Mga ideyang tinalakay ukol sa paksa | Kaugnayan ng mga ideyang tinalakay |
|---|---|---|
| 1. pagtuon sa hilig | Nagtutulak magpayaman, ngunit mahirap tumagos sa Pilipino | magkasalungat |
| 2.maginhawang pamumuhay at pagpapayaman | ang una ay di nagtutulak gumawa ng mali sa kapwa; ang huli ay nakasisira sa kapwa | magkasalungat |
| 3.konsepto ng maginhawang buhay | sapat na pagkain, sweldo, damit at tirahan, at pangunahing pangangailangan sa buhay | magkatulad |
| 4. pagtugon sa hilig | di-lubusang mainam at nag-uudyok manlamang sa kapwa | magkatulad |
| 5.depinisyon ng ekonomiks | hiram at pinakapopular | magkatulad |

Mainam kung ganon! Binabati kita!

Marahil ay higit mong nakita ang kaugnayan ng mga ideyang tinalakay sa bawat pangungusap. Higit pa rito, mayroon ka nang kakayahang bumuo ng iyong mga pangungusap na nagtataglay ng ideyang magkatulad o magkasalungat sa tulong na rin ng mga salitang nagpapahiwatig ng angkop na kaugnayan.

**Palawakin**

Kumuha ng isang malinis na papel. Sumulat ng mga pangungusap na magkasalungat at magkatulad kaugnay sa ibinigay na paksa sa bawat bilang. Gamitin ang mga salitang nakapaloob sa panaklong ( ) upang ipihiwatig ang kaugnayan ng mga ideya.

Sundan ang ibinigay na halimbawa.

Paksa: mahirap at mayaman (datapwat, samakatwid)

Magkasalungat : Ang mahirap ay salat sa ginhawa, datapwat ang mayaman ay salat sa aruga.

Magkatulad : Ang mayaman at mahirap ay kapwa nangangailangan ng kalinga; samakatwid, nais nilang tumanggap ng panahong laan lamang sa kanila.

1. paksa –maunlad at mahirap (ngunit, gayundin naman)
2. paksa- katalinuhan ( ito rin, sa kabilang banda)
3. paksa- masipag at tamad (sa madaling sabi, bagaman)
4. paksa- teknolohiya (datapwat, samakatwid)

Ikumpara mo ang iyong binuong pangungusap sa sumusunod na sagot. Malapit ba sa mga ito ang nagawa mo?

1. Magkatulad: Ang mayaman ay di-tiyak ang bukas; gayundin naman ang mahirap.

   Magkasalungat:Ang mahirap ay salat sa ginhawa, ngunit ang mayaman ay sagana.

2. Magkatulad: Ang katalinuhan ay puhunan sa pag-aaral; ito rin ay baon sa hanapbuhay.

   Magkasalungat: Ang katalinuhan ay mahalaga. Sa kabilang banda, ito ay nagiging sanhi ng yabang ng isang tao.

3. Magkatulad: Ang masipag at tamad ay mayroong pangangailangan. Sa madaling sabi, sila ay gumagastos para sa pagkain, damit, tirahan, at iba pa.

   Magkasalungat: Ang masipag ay nag-iipon para sa tag-ulan; bagaman ang tamad ay nagsasayang ng panahon.

4. Magkatulad: Ang teknolohiya ay katulong sa pag-unlad. Samakatwid, ito ay nagbibigay ng trabaho sa tao.

   Magkasalungat: Ang teknolohiya ay nagpapalawak ng kaalaman ng tao; datapwat ito ay nagdudulot ng maraming sakripisyo.

Kung malayo rito ang nabuo mong mga pangungusap, ipakita mo sa iyong guro at hayaan mong iwasto niya ang mga ito.

Ngayon naman ay talakayin natin ang susunod na aralin tungkol sa pagkilala ng pangunahing puntos sa mga pahayag.

Sub-Aralin 2

## Pagkilala ng Pangunahing Puntos sa Isang Pahayag

**Layunin:**

1. nakikilala ang paraan ng paglalahad na ginamit sa akda
2. natutukoy ang paksang pangungusap sa mga pahayag
3. nakikita ang kaugnayan ng mga salita o ideya sa tulong ng punong salita
4. nagagamit ang kaalaman sa paraan ng paglalahad, paggugrupo ng mga salita, at paksang pangungusap sa pagkuha ng pangunahing puntos sa isang pahayag;

**Alamin**

Ano na ang alam mo tungkol sa paraan ng paglalahad ng manunulat? Kung wala pa o hindi pa sapat ang iyong kaalaman tungkol dito, subukin mong sagutan ang pagsasanay na ito.

Piliin sa kolum B ang paraan ng paglalahad na sa tingin mo ay ginamit ng manunulat sa pagbuo ng mga ideya. Gamitin mong batayan ang mga pamagat ng akda sa kolum A.

| A | B |
|---|---|
| _____1. Pagmamahal o Paghanga? | a. Paglilista |
| _____2. Ang Buhay ng Bituin | b. Pagsusunod-sunod |
| _____3. Pag-iwas sa Dengue | c. Sanhi at Bunga |
| _____4. Mga Dapat Gawin sa Panahon ng Krisis sa Tubig | d. Paghahambing/kontras |
| ____5. Global Warming, Nakasisira sa Kalikasan | e. Suliranin at Solusyon |

Ganito ba ang iyong mga sagot? Tingnan natin kung ilan ang wastong sagot na nakuha mo.

1. d 2. b 3. e 4. a 5. c

Huwag mong damdamin kung marami ka pang maling sagot.Tutulungan ka ng araling ito upang lubusan mong maunawaan ang tungkol sa paraan ng paglalahad.

**Linangin**

Ang mahusay na manunulat ay may tiyak na plano kung paano ilalahad o ipaliliwanag ang kanyang ideya sa mambabasa. Bumabalangkas siya ng mahahalagang ideyang nais niyang talakayin sa akda, at pinag-iisipang mabuti ang paraan ng paglalahad na angkop sa kanyang layunin. Tandaan mo na ang layunin ng akda ay isa sa mga batayan sa pagpili ng 0paraan ng paglalahad.

Sa akdang ekspositori, ang layunin ng manunulat ay magpaliwanag o magbigay ng faktwal na impormasyon ukol sa isang paksa. Ang ilan sa paraan ng paglalahad ng akdang ekspositori ay ang sumusunod:

**Paraan ng Paglalahad**

1. Paglilista – ito ay paraan ng paglalahad sa pamamagitan ng pag-iisa-isa o paglilista ng mga ideyang may kinalaman sa paksang tinatalakay. Hindi mahalaga ang pagkakasunod-sunod ng mga ideya, sapagkat hindi ito ang nais na bigyang-diin; sa halip ay ang simpleng pag-iisa-isa ng mga ideyang sumusuporta sa paksa.

2. Pagsusunod-sunod– ito ay paraan ng paglalahad sa pamamagitan ng pagsusunod-sunod ng mga pangyayari o hakbang ukol sa isang paksa. Mahalaga na tingnan ang pagkakasunod-sunod ng pangyayari o hakbang sapagkat ito ang nais bigyang-diin ng manunulat upang maunawaan ang debelopment ng paksang tinatalakay sa akda.

3. Sanhi at Bunga- ito naman ay ginagamit upang ipakita ang dahilan at ang resulta ng mga bagay na may kinalaman sa paksa. Ang ganitong paglalahad ay nagpapaliwanag ng mga epekto na may tuwirang kaugnayan sa sanhi.

4. Paghahambing at Kontras- ito ay ginagamit upang talakayin ang pagkakaiba o pagkakapareho ng mga ideya ukol sa paksa. Maaaring talakayin muna ang lahat ng pagkakapareho at pagkakaiba, o kaya naman ay tatalakayin nang paisa-isa ang bawat pagkakatulad o pagkakaiba.

5. Suliranin at Solusyon- ito ay paglalahad ng mga suliranin at mga posibleng solusyon dito. Maaaring may iba't ibang suliranin at solusyon, o kaya naman ay may isang suliranin lamang na bibigyan ng mga solusyon.

Ang kaalaman mo tungkol sa paraan ng paglalahad ng akdang ekspositori ay isang paraan upang gabayan ka sa pagtukoy ng mahahalagang puntos sa iyong nabasa o narinig. Subalit hindi ito sapat upang lubusan mong makuha ang nais iparating ng manunulat. Marami pang dapat bigyang tuon upang matamo ang tunay na kaalaman sa paghalaw ng mahahalagang puntos sa isang pahayag.

**Punong Salita**

Bukod sa paraan ng paglalahad, dapat din na mulat ka sa mga kaugnayan ng salita sa iba pang mga salita. Mapapansin mo na may mga salitang mas malawak ang sakop, samantalang ang iba naman ay nasa ilalim lamang ng isang punong salita. Para mas madali mong maintindihan ang kaugnayang ito, pagpangkat-pangkatin mo ang mga ideyang magkakapareho o dapat na magkakasama, pagkatapos ay bigyan mo sila ng kategorya. Ang kategoryang naisip mo ang magsisilbing punong salita at ang iba namang nasa ilalim nito ay siyang mga sakop, o saklaw ng punong salita.

Sa pagbasa, ang punong salita ay maaaring ang paksang tinatalakay, at ang mga detalye tungkol dito ay siya namang mga sakop o napapailalim sa paksa.

Halimbawa, ang nais talakayin ng akda ay tungkol sa sakit. Kung gayon, ang sakit ang siyang paksa, o punong salita, at anumang maisip mo na may kaugnayan dito ay maaaring halimbawa na masasabi nating napapailalim lamang sa punong salita. Tandaan mo na ang punong salita ay higit na mahalaga kaysa sa mga salitang napapailalim dito.

Kung ang paksa o kategorya ay <u>sakit</u>, ano ang naiisip mong halimbawa nito? Tumpak ang sagot mo! Tuberkulosis, asthma, arthritis, at marami pang iba. Sa malalim na pagsusuri, marami ka pang maibibigay na halimbawa sapagkat natukoy mo na ang punong salita bilang batayan mo.

Subalit kung ang punong salita ay <u>sakit sa balat</u>, marahil ay maiiba ang magiging sagot mo, bagaman ang paksa ay tungkol pa rin sa sakit. Samakatwid, nararapat lamang na matiyak mo nang lubusan ang ipinahihiwatig ng punong salita bago ka magbigay ng mga halimbawa upang mas tuwiran ang kaugnayang maipakita mo. Ganito rin ang kailangan mong gawin sa pagbasa upang matukoy ang mahahalagang puntos ng akda o pahayag.

**Paksang Pangungusap**

Isa ring mainam na gabay sa pagkuha ng mahahalagang puntos ay ang paksang pangungusap. Ito ay ang bahagi ng akda na tuwirang nagsasabi ng lawak o sakop ng paksang tatalakayin, ng pangunahing diwa, o buod ng talata. Ang paksang pangungusap ay nililinang sa kabuuan ng talata at pinaiigting sa tulong ng mga detalye, patotoo, at mga halimbawa.

Kadalasan, ang paksang pangungusap ay ang unang pangungusap sa talata. Subalit may mga talatang ang paksang pangungusap ay di tuwirang ibinibigay ng manunulat, sa halip ay nagbibigay siya ng sapat na mga pangungusap at salita upang mahinuha ng mambabasa ang nais niyang iparating. Sa ganitong paraan, ang mambabasa ay bumubuo o gumagawa ng mga maaaring paksang pangungusap batay na rin sa mga imformasyong nakalap niya sa talata.

Ang natutuhan mo tungkol sa paraan ng paglalahad, punong salita, at paksang pangungusap ay mainam na gamiting batayan sa pagtukoy ng mahahalagang puntos sa isang pahayag o akda.

Ngayon naman ay ipakita mo ang iyong natutunan sa araling ito sa pamamagitan ng mga pagsasanay.

Halika na!

**Gamitin**

Basahin mo nang tahimik ang akda.

**Mabuti sa Katawan ang Red Wine**

Aprubado na ang red wine ay mabisa sa mga may sakit sa puso. Ayon sa beteranong TV director Al Quin talagang malaking tulong sa kanyang kalusugan ang pag-inom ng red wine. Araw-araw siyang nagre-red wine.

Ilang manlalaro ng basketball, badminton at tennis ang nagpatotoo na epektibo ang red wine sa kanila. Matapos ang sobrang pag papawis bunga ng kanilang physical exertion ay nakaugalian na nilang uminom ng red wine at nakakadama sila ng ginhawa. Ang red wine ay anti oxidant. Ito ay nakukuha sa balat ng ubas. Ang sangkap na itoy matatagpuan din sa raspberry at mani.

Isa pang itinuturing na *major breakthrough* sa medisina ang nag-uugnay sa red wine na nakapagpapagaling sa mga kalalakihang may *prostate* cancer. Ayon sa American Health Expert na si Janet Stanford kailangan ng mga may *prostate* cancer ang mahigit sa f*our ounces of red wine a week.*



Isang kaibigang doktor ang nagpayo na matapos na maghapunan at bago matulog ay uminom ng kahit isang *shot* ng red wine. Makatutulong ito sa mahimbing na pagtulog at sa mga *married couples* ay epektibo rin sa kanilang pagtatalik ang red wine.

***Cielito "Mahal" del Mundo***
***Pilipino Star Ngayon, Nobyembre 14, 2004***

Isulat ang titik lamang ng tamang sagot sa bawat tanong.

1. Ang paksa ng akda ay
   a. red wine  b. mahalagang uminom  c. sakit sa puso

2. Ang punong salita na may kaugnayan sa mahahalagang detalye ay
   a. pag-iwas sa sakit sa puso  b. kahalagahan ng red wine  c. pagiging malusog

3. Ang akda ay inilahad sa paraang
   a. paghahambing    b. suliranin at solusyon    c.paglilista

4. Ang pangunahing diwa ay matatagpuan sa pangungusap bilang
   a. 4    b. 2    c. 1

5. Ang paksang pangungusap ng akda ay
   a. mabuti ang katawan sa red wine
   b. mabisa ang red wine sa katawan
   c. red wine ang gamot sa puso

6. Ang kabuuang bilang ng mahahalagang puntos na may kaugnayan sa punong salita o paksa ay
   a. 5    b. 6    c.7

7. Hindi kabilang sa mahahalagang puntos ang
   a. nagbibigay ginhawa    b.nagpapagaling ng cancer    c. nagpapapawis

Nahirapan ka ba sa pagsagot? Mabuti pa ay iwasto mo ang iyong papel.
Narito ang mga tamang sagot:

1. A    2. B    3. C    4. C    5. B    6. B    7. A

B. Magbigay ng 3 – 5 salita o ideyang napapailalim sa mga punong salita ibinigay.

1. simbolo ng pasko - ________, _________, ___________, ________, ________
2. bayaning Filipino- __________, ________, ___________, ________, __________
3. pangulo ng Pilipinas - _______, ___________, ___________, _______, _______
4. produktong agrikultural- _______, _________, ________, __________, ______
5. pera ng ibat ibang bansa - _______, ________, _____________, _______, _______

Ang mga sagot ditto ay maaaring katulad ng sumusunod:

1. parol, bituin, kandila, pastol, sabsaban
2. Jose Rizal, Apolinario Mabini, Andres Bonifacio, Emilio Jacinto, Marcelo del Pilar
3. Ferdinand Marcos, Corazon Aquino, Fidel V. Ramos, Joseph Estrada, Gloria Arroyo
4. palay, niyog, mais, baboy, manok
5. dolyar, pound, yen, piso, franc

C. Narito ang isang talatang hindi maayos ang pagkakasulat. Basahin ito at pagkatapos ay ibigay ang imformasyon hinihingi.

Maaaring buksan ang radyo o kaya'y ang stereo at lunurin sa pamamagitan ng

mga tugtugin at awit ang pagkabagot o mga alalahanin. Kailangan lamang na i-switch ang lutuang de-koryente upang makapagluto. Sa isang tahanan, maituturing nang malaking biyaya ang pagkakaroon ng mga kagamitang kaloob ng agham at teknolohiya. May mga washingmachine para sa mga damit at floor polisher sa paglilinis ng sahig. Naiinitan? Madali rin iyang itaboy ng hanging isinasaboy ng bentilador o ng lamig na nagmumula sa air-conditioner.

Punong salita: ______________________

Mga salitang halimbawa o kaugnay sa punong salita:

______________________________________________________________________________
______________________________________________________________

Paksang pangungusap:_________________________________________________

Ngayon naman, isulat mo nang maayos ang talata. Simulan mo ito sa pamamagitan ng paksang pangungusap na siyang unang pangungusap ng iyong talata.

______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________ .

Ganito ba ang iyong mga sagot? Iwasto mo ang iyong papel.

Punong salita: kagamitang bahay kaloob ng agham at teknolohiya

Mga salitang halimbawa o kaugnay sa punong salita:
Washing machine, stereo o radyo, lutuang de kuryente, floor polisher, bentilador, air conditioner

Paksang pangungusap: Sa isang tahanan, maituturing nang malaking biyaya ang pagkakaroon ng mga kagamitang kaloob ng agham at teknolohiya.

Sa isang tahanan, maituturing nang malaking biyaya ang pagkakaroon ng mga kagamitang kaloob ng agham at teknolohiya. Maaaring buksan ang radyo o kaya'y ang stereo at lunurin sa pamamagitan ng mga tugtugin at awit ang pagkabagot o mga alalahanin. Kailangan lamang na i-switch ang lutuang de-koryente upang makapagluto. May mga washing machine para sa mga damit at floor polisher sa paglilinis ng sahig. Naiinitan? Madali rin iyang itaboy ng hanging isinasaboy ng bentilador o ng lamig na nagmumula sa air-conditioner.

Siguro naman ay malinaw na sa iyo ang mga kasanayang tinalakay sa araling ito. Balikan natina ng mag dapat mong tandaan.

**Lagumin**

Narito ang mga ideya at konseptong dapat mong tandaan sa araling ito:

Sa akdang ekspositori, ang layunin ng manunulat ay magpaliwanag o magbigay ng faktwal na impormasyon ukol sa isang paksa. **Ang ilan sa paraan ng paglalahad ng akdang ekspositori ay paglilista, paghahambing at kontras, sanhi at bunga, suliranin at solusyon, at time order**.

Bukod sa paraan ng paglalahad, dapat din na mulat ka sa mga kaugnayan ng salita sa iba pang mga salita. **May mga punong salita na mas malawak ang sakop, at mayroon din namang salitang napapailalim sa punong salita**. Sa pagbasa, kailangang pagpangkat-pangkatin mo ang mga ideyang magkakapareho o dapat na magkakasama, pagkatapos ay bigyan mo sila ng kategorya. **Ang kategoryang naisip mo ang magsisilbing punong salita at ang iba namang nasa ilalim nito ay siyang mga sakop, o saklaw ng punong salita.**

Isa ring mainam na gabay sa pagkuha ng mahahalagang puntos ay ang paksang pangungusap**. Ito ay ang bahagi ng akda na tuwirang nagsasabi ng lawak o sakop ng paksang tatalakayin, ng pangunahing diwa, o buod ng talata.** Ang paksang pangungusap ay nililinang sa kabuuan ng talata at pinaiigting sa tulong ng mga detalye, patotoo, at mga halimbawa.

**Subukin**

Sukatin natin ang iyong kakayahan sa paggamit ng mga ideya at konseptong natutunan mo. Handa ka na ba?

Simulan na natin!

A. Sa iyong sagutang papel, isulat mo ang punong salita sa bawat bilang.

1. doctor, guro, propesyunal, nars, inhenyero
2. mansanas, prutas, ubas, castañas, orange
3. kalabaw, anahaw, kubo, Jose Rizal, sagisag

B. Kopyahin ang salitang hindi dapat kasama sa bawat bilang, at ipaliwanag kung bakit hindi ito kasali sa grupo.

1. araw ng patay, pista, pasko, bagong taon, pagtatapos ___________
2. manok, baboy, isda, baka, kambing _________________________
3. bermuda, sampaguita, ilang-ilang, rosas, gumamela_____________

C. Basahin ang akda, at pagkatapos ay sagutin ang mga tanong. Titik lamang ang isulat.

**Pestisidyo: Lasong Pinagkakakitaan?**

Itinuturing ang pestisidyo bilang pangunahing pangangailangan sa agrikultura. Sa kasalukuyan ay iilang magsasaka na lamang ang hindi gumagamit ng pestisidyo sa kanilang mga tanim.

Mula nang pasimulan ang Green Revolution noong 1960, tumaas ang produksiyon ng pestisidyo ng 31 beses sa buong daigdig. Kasabay din naman nito ay ang pagdami ng mga kasong nagpakita ng masasamang epekto ng pestisidyo. Araw-araw, mahigit 4000 tao ang nalalason sa paggamit ng pestisidyo habang 70 naman ang namamatay sa paggamit nito bawat araw.

Malaking pinsala rin ang nadulot ng pestisidyo sa kalikasan. Sa buong mundo, 40% ng agrikulturang lupain ang nasira na ng kemikal galing sa pestisidyo. Ang pagkasira ng mga lupaing ito ay naging isang mabigat na banta sa seguridad sa pagkain.

Sa kabila ng mga panawagan para sa organikong paraan sa pagsasaka, patuloy pa rin ang produksiyon at paggamit ng pestisidyo. Ito ay pinatindi pa ng pagusbong ng industriya ng “Life Sciences” na nangangahulugan ng mas malawak na impluwensya ng mga produktong agro-kemikal ng transnational corporations (TNC’s)sa agrikultura sa ilalim ng mas tumitinding globalisasyon.

1. Ano ang paksa ng akda?
    a. pinagkikitaan
    b. lason
    c. pestisidyo

2. Ano ang paksang pangungusap?
    a. Ang pestisidyo ay pangunahing pangangailangan sa agrikultura.
    b. May masamang epekto ang pestisidyo.
    c. Ilang magsasaka ang hindi gumagamit nito.

3. Saan matatagpuan ang paksang pangungusap?
    a. sa pangungusap 4
    b. sa pangungusap 3
    c. sa pangungusap 2

4. Alin ang <u>hindi</u> mahalagang puntos o detalye kaugnay ng paksa?
    a. pagdami ng kaso ng masasamang epekto ng pestisidyo
    b. nalalason ang tao
    c. napipinsala ang kalikasan

5. Ano ang kategorya o punong salita ng mga sumusunod na detalye: nakalalason sa tao, nakamamatay, at nakasisira ng kalikasan?
    a. epekto ng pestisidyo
    b. masamang dulot ng pestisidyo
    c. agrikultura at pestisidyo

Sigurado ka ba sa mga isinulat mo? Iwasto mo ang iyong papel upang malaman mo ang iyong iskor.

A.
1. propesyunal
2. prutas
3. sagisag

B.
1. pagtatapos- mga pambansang pagdiriwang
2. isda- mga panlupang alagang hayop
3. bermuda- mga bulaklak sa bakuran

C.
1. C
2. B
3. A
4. A
5. B

Palawakin

A. Basahin ang akda at punan ang mga patlang ayon sa iyong pagkaunawa sa akda.

**Kailangan Mo ang Tubig**



Katotohan ang marami sa mga problema ng matatanda. Kung hindi man magamot, ay malaki ang maitutulong ng ilang basong tubig. Bakit? Sapagkat ang tubig ay mabisang gamot sa maraming karamdaman.

Marami sa may edad na ang nahihirapan sa pagdumi. Kadalasan ay matigas ito, hindi halos mailabas, kung kaya't ito ay nagdudulot ng sakit at iritasyon. Subalit ang mga ito ay maaaring iwasan sa pamamagitan ng pag-inom ng 8-10 baso ng tubig araw-araw. Ngayon, ibig sabihin ng pag-inom ng ganito kadaming tubig ay pagiging madalas ding pag-ihi. Mabuti! Ibig sabihin nito na ang matanda ay tumatayo na, wala sa upuan, at nag-lalakad, kahit ilang hakbang lang para gumamit ng banyo.

Ang isa pang dahilan kung bakit kailangang uminom ng maraming tubig ay para makaiwas sa impeksiyon sa ihi. Kumbaga, ang pagbuhos ng tubig sa sistema ng ating katawan ay naglalabas ng bacteria at pinipigilan ang ihi na maipon at maging isang solusyon na kulay dilaw o brown.

Panghuli, ang magandang dahilan para uminom ng maraming tubig ay dahil sa inilalabas nito ang mapanuksang carcinogens tungo sa sistema. Ang teorya dito ay hindi mananatili ang mga mapamuksang agents sa sikmura at bituka kung pinapagalaw sila at tinutunaw sa pamamagitan ng maraming tubig.

Ang gamot sa ganitong mga karamdaman ay mura, madaling gawin, at tuwina'y nariyan lang: ang tubig.

Ang paksa ng akda ay tungkol sa ________________. Ang paksang pangungusap na ____________________________________________________________________ ay matatagpuan sa pangungusap bilang ________. Inilahad ng manunulat ang mga ideya sa paraang ___________________________.

Sa kabuuang bilang, mayroong ______ mahahalagang puntos ang ibinigay ng may-akda ukol sa paksa. Ang mga ito ay ang ____________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
_____________________________________________________________________________.__ .

B. Narito ang isang magulong talata. Ayusin mo ito upang maintindihan ng mambabasa at isulat na muli kung saan ang paksang pangungusap ay ang unang pangungusap.

Hindi tulad ng mga gamot sa hospital, ang tubig ay hindi na kailangan pang pag-ipunan ng malaki bago makabili. Sa halagang piso hanggang sampung piso isang inuman, ay pwede nang makatulong upang maibsan ang sakit. Ang gamot sa mga karamdaman ay mura lamang, madaling gawin, at sa tuwina'y nariyan lang: ang tubig. Ikatlo, saan ka man magpunta ay makikita mo ang tubig; palaging available wika nga, at hindi nawawala saan mang tindahan o bahay. Hindi na rin kailangang magpatulong sa ibang tao sapagkat kahit ikaw mag-isa ay kaya mo nang painumin ang sarili mo.

__________________________________________________________________________________

Ang mga tamang sagot ay ang sumusunod:

A. Ang paksa ng akda ay tungkol sa <u>tubig/ kahalagahan ng tubig</u>. Ang paksang pangungusap na <u>ang tubig ay gamot sa maraming karamdaman</u> ay matatagpuan sa pangungusap bilang <u>3</u>. Inilahad ng manunulat ang mga ideya sa paraang <u>suliranin at solusyon.</u>

Sa kabuuang bilang, mayroong <u>4</u> na mahahalagang puntos ang ibinigay ng may-akda ukol sa paksa. Ang mga ito ay ang <u>gamot sa hirap sa pagdumi, pagpapadalas sa pag-ihi, pag-iwas sa impeksiyon sa ihi, at pagpapalabas ng mapanuksang carcinogens</u>.

B. Ang isang mabisang gamot sa mga karamdaman ay mura lamang, madaling gawin, at sa tuwina'y nariyan lang: ang tubig. Hindi tulad ng mga gamot sa hospital, ang tubig ay hindi na kailangan pang pag-ipunan nang malaki bago makabili. Sa halagang piso hanggang sampung piso isang inuman, ay pwede nang makatulong upang maibsan ang sakit. Hindi na rin kailangang magpatulong sa ibang tao sapagkat kahit ikaw mag-isa ay kaya mo nang painumin ang sarili mo. Ikatlo, saan ka man magpunta ay makikita mo ang tubig; palaging available wika nga, at hindi nawawala saan mang tindahan o bahay.

## *Gaano ka na kahusay?*

Kumusta kaibigan? Ngayon ay aalamin na natin kung gaano kabisa ang iyong natutuhan sa modyul na ito. Sagutin ang gma tanong sa pagsusulit at pagkatapos nito ay maari ka nang magsimula sa sunod na modyul.

Basahin ang akda.

**LAYUNIN SA BUHAY**

Ang papel ng ekonomiks sa lipunan ay sinimulang ipakilala sa atin sa araling panlipunan. Sa dami ng depinisyong inilahad, pinakapopular marahil ang "ekonomiks bilang sangay ng agham panlipunan tungkol sa alokasyon o pamamahagi ng kapos na mga yaman upamg tugunan ang dumaraming hilig ng mga tao." Sa depinisyong ito, ang diwa ng alokasyon, kakapusan ng yaman, at dumaraming hilig ng mga tao ang mga tampok na konsepto sa ekonomiks.

Subalit depinisyon itong may kakulangan dahil hiram sa mga aklat na naglalarawan ng gawi at pananaw ng mga mamamayan sa mauunlad na dayuhang ekonomiya. Sa mga Pilipino, ang ganitong katuturan ng ekonomiks, gaano man kapopular, ay hindi gaanong makabuluhan lalo na kung hindi abot ang kanilang damdam at danas. Dahil kung susuriing mabuti, ang ekonomiks ay tungkol sa mga mekanismong panlipunan at pagsagot ng mg mamamayan sa layuning mapanatiling buhay at maunlad ang lipunang kanilang ginagalawan.

Mahalaga ang proseso ng alokasyon ng yaman kahit saan mang ekonomiya. Subalit mas mahalagang malaman kung bakit isinasagawa. Sa tinatanggap na depinisyon ng ekonomiks, ang layunin ng alokasyon ay ang pagtugon sa hilig ng mamamayan. Nagpapahiwatig din ito na kailangan ang patuloy na paglikha ng yaman upang tugunan ang dumaraming hilig.

Ang diin sa hilig at hindi sa mga pangunahing pangangailangan ay nangangahulugang natugunan na ng lipunan ang mga pangunahing pangangailangan ng mga mamamayan nito upang mabuhay. Ang pagtugon sa mga ipinagbago nh hilig o mga artipisyal na pangangailangan ang siyang pinagtutuunan ng pansin. Ang ganitong hilig ang naguudyok sa mga mamamayan na palawakin ang kanilang yaman.

Sa ganang akin, ang ganitong pananaw ay mahirap tumagos sa loobin ng mga Pilipino. Sa ating mga kababayan, ang ekonomiks ay tinatanaw bilang pamamaraaan tungo sa kabuhayan, samakatwid, ang pangunahing pangangailangang mabuhay ang tinutugunan nito at hindi ang mga ipinagbago at pangalawa o artipisyal na hilig ng mga mamamayan. Dahil sa

konseptong kabuhayan, ang layunin ng proseso ng alokasyon sa mga Pilipino ay hindi ang pagpapalago ng yaman kundi ang maginhawang pamumuhay.

Kasama sa konsepto ng maginhawang pamumuhay ang sapat na pagkain, sweldo, damit, at tiraha;malinis na kapaligiran; tahimik na pamayanan; at malulusog na kabataan.

Samantala, ang maginhawang pamumuhay ay hindi nagpipilt sa mga tao na magsagawa ng mga gawaing ikabubuti nila samantalang ikasasama naman ng kanilang kapwa. Dahil ang pagkasapat at hindi ang pinakamataas na personal na kagalingan ang pamantayang ipanatutupad ng maginhawang buhay, may likas itong mekanismo sa pagtitimpi sa mga hilig ng mga tao. Mga pangangailangan lamang na magdadala tungo sa maginhawang buhay ang siyang tutugunan.

May nagsasabi na kung ginhawa at hindi pagyaman ang gagamitin bilang pangunahing layunin ng ating buhay, baka mauwi ito sa mabagal na paglaki. Subalit ang pagyaman o paglago ng mga materyal na bagay ang isa lamang sa mga aspekto ng pamantayang pangkaunlarang ginagamit sa buong daigdig. Ang kalidad ng buhay ay higit na mahalaga kaysa paglago ng mga materyal na bagay. Samakatwid, higit na makabuluhan ang maginhawang buhay.

***Ekonomiya, Tao, Mundo, at ang Ekonomistang Guro***
***Tereso S. Tullao Jr.***

Ang mga sumusunod na pangungusap ay halaw sa akdang iyong binasa.

A. Ano ang paksang tinatalakay ng mga pangungusap sa bawat bilang? Isulat sa iyong sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

6. Sa depinisyong ito, ang diwa ng alokasyon ang tampok na konsepto subalit dpinisyon itong may kakulangan.
    a. diwa ng alokasyon at kakulangan ng depinisyon nito.
    b. tampok na konsepto at depinisyon
    c. kakulangan ng diwa ng alokasyon

7. Popular man ang depinisyon ng ekonomiks ay hindi gaanong makabuluhan lalo na kung hindi abot ng damdam at danas.
    a. ang depinisyon ay popular at makabuluhan
    b. bagamat popular ay hindi makabuluhan ang depinisyon
    c. ang damdam at danas ay popular sa tao

8. Mahalaga ang alokasyon ng yaman, subalit mas mahalagang malaman kung bakit ito isinasagawa.

a. ang alokasyon ay mahalaga sa yaman
b. ang dahilan ng alokasyon ang tanging mahalaga
c. ang alokasyon at dahilan nito ay parehong mahalaga

9. Ang layunin ng alokasyon aya ng pagtugon sa mga hilig ng mamamayan. Nagpapahiwatig din ito na kailangan ang patuloy na paglikha ng yaman upang tugunan ang dumaraming hiling.
   a. Ang dumaraming hilig ay kontra sa diwa ng alokasyon
   b. Ang paglikha ng yaman at pagtugon sa hilig ay ang layunin ng alokasyon
   c. Ang mamamayan ay mahilig sa alokasyon.

10. Layunin ng mamamayan na mapanatiling buhay ang lipunang kanilang ginagalawan at isa pa'y mapanatiling maunlad ang nasabing lipunan.
    a. ang lipunan ay gumagalaw dahil sa mamamayan
    b. ang mapanatiling buhay at maunlad ang lipunan ay layunin ng mamamayan.
    c. Iisa lamang ang layunin ng mamamayan

B. Balikan ang mga pangungusap sa A. Isulat sa papel kung ang mga ideyang tinatalakay sa bawat bilang ay magkasalungat o magkatulad.

1. _____________
2. _____________
3. _____________
4. _____________
5. _____________

C. Ano ang punong salita o kategorya na maaaring gamitin sa bawat bilang? Isulat ang sagot sa iyong papel.

1. lapis, papel, notebook, bolpen _________________
2. English, Math, Science, Filipino________________
3. piko, luksong tinik, luksong lubid, tumbang preso ________________
4. puto, kutsinta, kalamay, palitaw__________________
5. bataw, sitaw, patani, kalabasa_____________________

D. Tukuyin ang fokus ng pandiwa sa mga sumusunod na pangungusap.

1. Sinisikap iangat  ng maraming tao  ang  kanilang posiyong ekonomik.
2. Yumayaman sila dahilan sa pagsisikap.
3. Pinapasok nila ang anumang gawain  para sa mga anak.
4. Iniyayaman ng  ilang  tao ang kanilang  kaalaman sa paggawa ng mga bagay-bagay.
5. Pinagtatayuan nila ng munting negosyo ang kanila mismong tahaann.

E. Baguhin ang fokus ng pandiwa sa  mga pangungusap sa D.

1. (AKTOR) ____________________________________________________
2. (SANHI)_____________________________________________________
3. (BENEFAKTIV)_________________________________________________
4. (AKTOR)_____________________________________________________
5. (LAYON)_____________________________________________________

Kunin sa iyong guro ang **susi sa pagwawasto** upang malaman ang iyong iskor.



Susi sa Pagwawasto

Modyul 19

Pagkilala ng Magkatulad at Magkasalungat na Ideya
at Pagkuha ng Mahahalagang Puntossa mga Pahayag

A.

1. A
2. B
3. C
4. B
5. B

B.

1. magkasalungat
2. magkasalungat
3. magkasalungat
4. magkatulad
5. magkatulad

C.

1. gamit sa paaralan
2. mga aralin sa paaralan
3. larong Pilipino
4. kakanin
5. gulay